Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng General Trias

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**KAPASIYAHAN BLG. 08-37**

**May-akda: Kag. Maurito C. Sison**

NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAGBABAWAL SA SINO MAN NA MAGSAMPAY, MAGLADLAD NG ANUMANG URI NG DAMIT O KASUOTAN AT BASURA SA HARAPAN NG BAHAY AT MGA PANGUNAHING LANSANGAN NA NAKASISIRA AT NAKASASAMA SA PAMPUBLIKONG PANINGIN NG BAYAN NG GENERAL TRIAS AT PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG DITO.

SAPAGKAT, upang mapangalagaan ang kalinisan at kaayusan ng bayan, ipinagbabawal sa sino mang tao ang magsampay at magladlad ng anumang uri ng kasuotan o basura sa harapan ng bahay at mga pangunahing lansangan na nakasisira at nakasasama sa pampublikong paningin ng ating bayan;

DAHIL DITO, iminungkahi ni Kag. Maurito C. Sison na pinangalawahan ni Kag. Noel A. Morena, na

PAGTIBAYIN, AT DAPAT NA PAGTIBAYIN ang isang Kautusang Pambayan na nagbabawal sa sino mang tao ang magsampay, magladlad ng anumang uri ng damit o kasuotan at basura sa harapan ng bahay at mga pangunahing lansangan na nakasisira at nakasasama sa pampublikong paningin ng bayan ng General Trias at pagpapataw ng kaukulang parusa sa paglabag dito, at ito ay makikilala sa isang Kautusang Pambayan Blg. 08-01, na mababasa tulad ng sumusunod:

**KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 08-01**

NAGBABAWAL SA SINO MANG TAO ANG MAGSAMPAY, MAGLADLAD NG ANUMANG URI NG DAMIT O KASUOTAN AT BASURA SA HARAPAN NG BAHAY AT MGA PANGUNAHING LANSANGAN NA NAKASISIRA AT NAKASASAMA SA PAMPUBLIKONG PANINGIN SA BAYAN NG GENERAL TRIAS AT PAGPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG DITO.

Isinabatas ng Sangguniang Bayan, na:

Pangkat 1. – TITULO (TITLE). Mahigpit na ipinagbabawal sa sino mang tao na magsampay, magladlad ng anumang uri ng damit o kasuotan at basura sa harapan ng bahay at mga pangunahing lansangan na nakasisira at nakasasama sa pampublikong paningin sa bayan ng General Trias at pagpataw ng kaukulang parusa sa paglabag dito.

MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.

**RICHARD R. PARIN**
Kagawad

**PRIMITIVO S. PORTO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CUSTODIO**
Kagawad

**DEMETRIO P. TRINIDAD**
Kagawad

**MAURITO C. SISON**
Kagawad

**ARAH JEAN R. CABRERA**
SKF President

**WALTER C. MARTINEZ**
ABC President

**ALFREDO L. POZAS**
Kagawad

**CARLOS S. VINIEGRA II**
Kagawad

**NOEL A. MORENA**
Kagawad

Karugtong.....pahina 2 ng Kapasiyahan Blg. 08-37:

RICHARD R. PARIN
Kagawad

PRIMITIVO S. PORTO
Kagawad

BIENVENIDO M. CUSTODIO
Kagawad

DEMETRIO P. TRINIDAD
Kagawad

MAURITO C. SISON
Kagawad

ARAH JEAN R. CABRERA
SKF President

WALTER C. MARTINEZ
ABC President

ALFREDO L. POZAS
Kagawad

CARLOS S. VINIEGRA II
Kagawad

NOEL A. MORENA
Kagawad

NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAGBABAWAL SA SINO MAN NA MAGSAMPAY, MAGLADLAD NG ANUMANG URI NG DAMIT O KASUOTAN AT BASURA SA HARAPAN NG BAHAY AT MGA PANGUNAHING LANSANGAN NA NAKASISIRA AT NAKASASAMA SA PAMPUBLIKONG PANINGIN NG BAYAN NG GENERAL TRIAS AT PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG DITO.

Pangkat 2. – KAHULUGAN NG MGA SALITA (DEFINITION OF TERMS). Ang mga sumusunod na salita ay binibigyan ng kahulugan ayon sa pagkakasunod:

a. Pangunahing Lansangan – mga pampublikong lansangan na kilala bilang barangay, provincial at national road na nasasakupan ng hurisdiksyon ng bayan ng General Trias.
b. Sampayan – isang bagay o estraktura na ginagamit bilang damit sabitan sa labas ng harap-bahay.

Pangkat 3. – KAPARUSAHAN (PENALTY). Ang sino mang tao ang napatunayang lumabag sa kautusang ito ay papatawan ng multa sa sumusunod na pamamaraan:

a. Unang Paglabag – multa ng Dalawang Daang Piso (P200.00) at pagganap ng pampublikong serbisyo sa komunidad.

b. Ikalawang Paglabag – multa ng Limang Daang Piso (P500.00) at pagganap ng pampublikong serbisyo sa komunidad.

c. Ikatlong Paglabag – multa ng Isang Libong Piso (P1,000.00) at pagganap ng pampublikong serbisyo sa komunidad.

Pangkat 4. – TAGAHULI (APPREHENDING AUTHORITY). Binibigyang kapangyarihan humuli sa paglabag ng Kautusang Pambayang ito, ang mga sumusunod:

a. Philippine National Police
b. Halal na mga Barangay Official
c. Barangay Police

Bilang insentibo, ang bawat barangay na makahuhuli sa sino mang lumabag sa Kautusang Pambayang ito ay bibigyan ng

MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.

NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAGBABAWAL SA SINO MAN NA MAGSAMPAY, MAGLADLAD NG ANUMANG URI NG DAMIT O KASUOTAN AT BASURA SA HARAPAN NG BAHAY AT MGA PANGUNAHING LANSANGAN NA NAKASISIRA AT NAKASASAMA SA PAMPUBLIKONG PANINGIN NG BAYAN NG GENERAL TRIAS AT PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG DITO.

dalawampung porsiyento (20%) bilang kabahagi sa bawat pataw na penalty o multa at ang nasabing kabahagi ay ilalagak sa kaban ng barangay.

Pangkat 5. – PAGHIHIWALAY NG MGA ITINATADHANA (SEPARABILITY CLAUSE). Kung sa anumang kadahilanan, o mga kadahilanan, ang isang bahagi o tadhana ng Ordenansang ito ay ipinasiyang labag sa batas o walang bisa, ang ibang mga bahagi nito na hindi naapektuhan ay patuloy na magkakaroon ng bisa.

Pangkat 6. – PAGKAKABISA (EFFECTIVITY CLAUSE). Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay at maipalathala sa pahayagang may regular na sirkulasyon o maipaskil sa mga hayag na lugar.

PINAGTIBAY sa ilalim ng IKATLONG PAGBASA noong IKA-16 NG HUNYO 2008.

MAURITO C. SISON
Kagawad

DEMETRIO P. TRINIDAD
Kagawad

BIENVENIDO M. CUSTODIO
Kagawad

PRIMITIVO S. PORTO
Kagawad

RICHARD R. PARIN
Kagawad

NOEL A. MORENA
Kagawad

CARLOS S. VINIEGRA II
Kagawad

ALFREDO L. POZAS
Kagawad

WALTER C. MARTINEZ
ABC President

ARAH JEAN R. CABRERA
SKF President

MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Kabite
Bayan ng General Trias

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Karugtong….pahina 4 ng Kapasiyahan Blg. 08-37:

NAGPAPATIBAY SA KAUTUSANG PAMBAYAN NA NAGBABAWAL SA SINO MAN NA MAGSAMPAY, MAGLADLAD NG ANUMANG URI NG DAMIT O KASUOTAN AT BASURA SA HARAPAN NG BAHAY AT MGA PANGUNAHING LANSANGAN NA NAKASISIRA AT NAKASASAMA SA PAMPUBLIKONG PANINGIN NG BAYAN NG GENERAL TRIAS AT PAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG DITO.

PINATUNAYANG WASTO:

WENCESLAO P. CAMINGAY
Kalihim

PINAGTIBAY:

FERNANDO P. CAMPAÑA
Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo

BINIGYANG-PANSIN:

LUIS A. FERRER IV
Punong Bayan

RICHARD R. PARIN
Kagawad

PRIMITIVO S. PORTO
Kagawad

BIENVENIDO M. CUSTODIO
Kagawad

DEMETRIO P. TRINIDAD
Kagawad

MAURITO C. SISON
Kagawad

ARAH JEAN R. CABRERA
SKF President

WALTER C. MARTINEZ
ABC President

ALFREDO L. POZAS
Kagawad

CARLOS S. VINIEGRA II
Kagawad

NOEL A. MORENA
Kagawad